


APPROVAL SHEET

March 21, 2003

Ang, "Ang mga Epekto ng Proyekto CALABARZON at ng Maruming Pangisdaan sa mga Mangingisda ng Brgy. Hucay, Calatagan, Batangas", ay isang undergraduate thesis ni Fercival B. Sabino bilang parsyal na pagsasakatuparan sa mga pangangailangan sa degree ng Bachelor of Arts sa kursong Development Studies ay inaaprubahan ngayon.



Dr. Edderto M. Villegas
Tagapayo sa thesis



Prof. Benjamin Mangubat
Chairman
Departamento ng Araling Panlipunan
Kolehiyo ng Agham at Sining
Unibersidad ng Pilipinas, Maynila

MGA NILALAMAN

Mga Pasasalamat	1
Abstrakto	2
KABANATA I - Thesis Proposal	
Paglalahad ng Suliranin	3
Depinisyon ng Konsepto	5
Pangteyoretikal na Pananaw	7
Paraan ng Pag-aaral	8
Paglalahad ng Haypotesis	10
Repaso ng Kaugnay ng Literatura	11
Sakop at Limitasyon ng Pag-aaral	16
Kahalagahan ng Pag-aaral	17
KABANATA II - Batayan ng Pag-aaral	
Ang pagsisimula ng CALABARZON	18
Ang Batangas at ang mga Mangingisda	22
Kasalukuyang kalagayan ng mga Mangingisda	23
Maikling kasaysayan ng mga Mangingisda	25
Pagsasalarawan ng Heograpiya sa Brgy. Hucay	27
Ang Pakikipaglaban ng mga Mangingisda (HABAGAT)	28
KABANATA III – Presentasyon at Pag-aanalisa ng mga Datos	
"Sample Population"	30
Instrumentong Ginamit sa Pagkalap ng Datos	34
"Hypothesis Testing"	35
KABANATA IV – Konklusyon at Rekomendasyon	
Sa pagdating ng CALABARZON	47
Epekto sa Kalikasan	50
Rekomendasyon	51

Bibliyograpiya

Appendix

MGA PASASALAMAT

Lubos akong nagpapasalamat sa aking mga magulang na silang sumuporta sa akin sa bawat yugto ng aking buhay lalo na sa panahon ng aking pag-aaral sa kolehiyo. Pinasasalamatan ko din ang aking mga kaibigan na tumulong sa akin sa pagsasakatuparan ng pag-aaral na ito. Ang aking partner sa practicum na si Rita, sa kanyang pagsensya, pag-intindi at pagsagot sa marami kong katanungan.

Maraming salamat sa mga mamamayan ng Brgy. Hucay, Calatagan, Batangas, sa kanilang pagtanggap sa akin at sa kanilang pagtitiwala. Lalo na kina Tatay Pablo at Ate Agnes sa kanilang pagtulong sa akin sa pagpunta sa mga bahay bahay para kapanayamin ang mga mangingisda.

Salamat din sa mga kaibigan ko sa Pugadlawin na kahit hindi ko laging nakakasama ay sila paring mga inspirasyon ko.

Sa inyong lahat maraming maraming salamat.

ABSTRAKTO

Ang Pilipinas ngayon ay dumaranas ng labis na kahirapan. Karamihan sa mga taong naghihirap ay ang mga taong malaki ang kontribusyon sa buong bansa. Sila ang mga mangingisda at mga magsasaka. Dapat natin silang pagtuunan ng pansin dahil sila ang karaniwang inaabuso ng mga naghaharing-uri. Ang mga pag-aaral na ginagawa ng isang mag-aaral sa loob ng silid aralan ay di lamang dapat nakakulong sa apat na sulok nito, dapat ay may malalim pag-intindi ang mga mag-aaral ng kahit ano mang unibersidad tungkol sa mga tunay na nangyayari sa ating lipunan. Ito ay ang patuloy na tunggalian ng mga naghaharing uri at ng mga uring nakikibaka at ipinagtatangol ang mga karapatan ng mga uring naapi. Ang mga gawain at mga propesyon na tatahakin ng isang estudyanteng mulat ay may paggalang at pagkiling sa mga karapatan at sa ikabubuti ng mga kabuhayan ng mga kapwa nating Pilipinong naghihirap.

KABANATA I

I. Paglalahad ng Suliranin

Ang ating bansa ngayon ay dumaranas ng krisis ng laganap kahirapan. Higit na naaapektuhan ng krisis na ito ang mga kababayan nating mahihirap. Karamihan sa kanila ay matatagpuan natin sa mga lugar na malayo sa siyudad. Sila ang mga taong hindi natin napapansin dahil sa ating pagkabulag sa tunay na kalagayan ng ating lipunan.

Pag-unlad ang isa sa mga layuning inaasam-asam ng ating bansa. Malaking serbisyo mula sa ating gobyerno ang nakatutok sa mga paglikha ng mga programa para sa ikauunlad ng ating bansa, partikular na ng ating ekonomiya. Isa na nga rito ang Proyekto ng CALABARZON, na naglalayong paunlarin at gawing sentro ng kalakaran (pangalawa sa Manila) ang mga bayan ng Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon. Ang mga karatig na mga lugar na ito ay magandang gawing

lugar pangkomersyo at/o pangkalakalan. Isa na nga sa mga magandang katangian nito ang malalaking anyong tubig na nakapalibot dito.

Isa sa mga pangunahing layunin ng proyektong ito ay bigyan ng maganda at permanenteng hanapbuhay ang mga taong nakatira dito. Ang mga tao nga kayang nakatira dito ay nabigyan ng ganitong klase ng mga trabaho? Sila kayang mga magsasaka at mga mangingisdang nakatira dito ay lumisan na sa kanilang dating hanapbuhay at may mga panibago ng mga trabaho?

Ang pag-aaral na ito ay nakatutok sa mga mangingisda ng Brgy. Hucay, Calatagan, Batangas. Ang mga proyekto nga bang tulad nito ay totoong nakakatulong sa mga naghihirap? Malalaman natin na patuloy lamang ang mga kahirapang nagaganap sa kanayunan kahit may mga programang pangkaunlarang tulad nito. At mapapatunayan din natin na sa ibang mga pagakakataon na mas nakapagpapalala pa ang programang ito sa kaawa-awang kalagayan ng

mga kababayan nating mangingisda sa Calatagan, Batangas. Ang problema nilang mga mangingisda sa kasalukuyan ay ang patuloy na pag-liit ng mga isdang kanilang nahuhuli dala ng napakaraming dahilan. Isa na nga rito ang labis na polusyon na malalaman nating dala na rin ng Proyekto CALABARZON. Ang isa pang problema na kinakarahap ng ating mga mangingisda ay ang pagkuha sa kanila ng mga pangisdaang kanilang kinalakhan at kasalukuyang pinagkukunan ng kabuhayan.

II. Depinisyon ng mga Konsepto

1. Municipal Waters - 15-km ng pangingisdaan mula sa baybayin.
2. Payaw - isang malaking bangka na ginagamit paloot ng mga mangingisda sa Calatagan, Batangas. Inaabot sila ng 1 hanggang 2 linggo sa dagat at marami ang kanilang nahuhuli kumpara sa mga maliit na pangisda.
3. Kawil - isang uri ng gamit pangisda na ginagamit panghuli ng galunggong,

4. Nananamahan - mga taong (karaniwan ay kabataan) na sumasama sa mga payaw para tumulong sa pangingisda. Maliit lamang ang kanilang suweldo o parte sa huli, ngunit ang kanilang trabaho ang siyang pinakamahihirap.
5. Mamamalakaya - ang magsasaka ng karagatan. Pangingisda ang pangunahin nilang ikinabubuhay. Mayroon nitong tatlong uri: mayamang mangingisda, gitnang mangingisda at mahirap na mangingisda.
6. Kasa - lugar na pinagbebentahan ng mga mangingisda ng kanilang mga huli, karaniwang nakapuwesto ito malapit sa mga palengke.
7. Liberalisasyon - ang malayang pagpasok ng *foreign capital, imported products*, at dayuhang korporasyon sa bansa.
8. Mangungulam - isang uri ng mahirap na mangingisda na "pang-ulam" lamang ang kita sa huling mga isda o ang huli mismo ang kanilang ulam.

9. Pasigabong - isang uri ng sasakyang pangisda na ang pangunahing hinuhuli ay mga maliliit na isda, tulad ng dulong, dilis at malansi.

III. Pangteyoretikal na Pananaw

Ang *theoretical framework* na nararapat para sa aking gagawing pag-aaral ay *historical materialism*. Ito lamang ang "*perspective*" na makakatulong sa ating mga kababayan na makawala sa hirap dahil sa di pantay na pagmamay-ari sa mga moda ng produksyon. Ang aking gagawing pag-aaral ay makakatulong sa mga napiling mga mangingisda at pati na rin sa mga mangingisdang di nakasama sa ginawang pag-aaral. Malalaman nila ang iba't ibang uri ng eksploytasyon na nangyayari sa kanila. Magugunita mula sa perspektibong ito kung bakit hanggang sa ngayon ay nasa ibaba pa rin sila ng triyanggulo ng lipunan.

Ang *historical materialism* lamang ang magbibigay na paliwanag kung papaano napupunta ang isang tao sa kanyang panlipunang kalagayan at kung paano namumulat ang kanyang kamalayan sa lipunan batay sa "*social class*" na kanyang kinabibilangan. Ang ganitong kaalaman tungkol sa iyong kalagayan ang siyang magmumulat sa mga mangingisdang nakadaranas ng iba't ibang uri ng pagsasamantala. Sa tulong ng kaalamang ito, magkakaroon sila ng inisyatibo para magsama, magorganisa at gumawa ng mga paraan at hakbangin kung papaano nila palalayain ang kanilang mga sarili sa mga opresyon ng mga mayayamang kapitalista.

IV. Paraan ng Pag-aaral

Ang paraan na aking gagamitin sa reserts ay "*participatory research*". Ang layunin ko dito ay ang makisalamuha sa kanila. Tumira sa kanilang mga lugar ng may ilang araw, hanggang sa mapagpalagayan na kami ng loob ng mga taong

nandoon. Sasama ako sa kanilang mga bahay at doon manunuluyan. Tutulong sa mga gawaing bahay at sumama sa kanilang mga gawaing pamproduksyon. Magiging parang mga magkakaibigan na kami at ang aming paraan ng pag-uusap ay paraan ng mga taong may pinagsamahan. Sa ganitong paraan makukuha ko mula sa kanila ang mahahalagang sagot para sa aking pag-aaral. Hindi ko na kailangan pang alalahanin na maaring magkaroon ng pagsisinungaling mula sa aking mga kapanayam. Magiging mas maayos at kaayaaya ang aming palitan ng paliwanagan.

Ang paraan na aking gagamitin para sa pagpili ng mga mangingisdang aking kakapanayamin ay "*random sampling*". Sa 40 pamilya sa Brgy. Hucay ay 20 pamilya ang aking kakapanayamin. Sa ganitong paraan ay mabibigyan ko ng pantay pantay na tsansa ang bawat isang mangingisda para aking makapanayam. Magiging mas makabuluhan at akademiko ang aking reserts sa paggamit ng ganitong paraan.

Gagamit din ako ng "*chi-square*" para masubok ang kawastuhan ng aking hypothesis. Gagamit ako ng pamamaraang pamimigay ng mga "questionnaire" sa pagkalap ng mga datos. Kukuha din ako ng iba pang impormasyon mula sa "library research".

V. Paglalahad ng Haypotesis

Ang aking "*hypothesis*" ay hindi tunay na napangangalagaan ang mga karapatan ng mga mangingingisda na isa sa mga sector na pinakaproduktibo sa ating bansa. Ang mga proyekto ng gobyerno para paangatin ang antas ng kabuhayan ng mga mahihirap na mangingingisda ay hindi naipapatupad ang layunin nitong paunlarin ang kanilang mga kabuhayan, bagkus ay lalo pa nitong pinahihihirapan ang ating mga mangingingisda dahil sa mga progamang tulad ng globalisasyon na siyang pahirap sa ating mga mangingingisda. Mas binibigyan ng benepisyo ng ating pamahalaan ang mga malalaking dayuhang negosyante na pumapasok sa ating bansa. Ang mga batas na ipinapatupad

sa ating lipunan na pabor lagi sa mga kapitalistang dayuhan, tulad ng Fisheries Law of 1998 na hindi para sa kapakanan ng mga maliliit nating mga mangangisda kundi para sa mga dayuhang mangangisda na may malalaking lantsa na kayang humuli ng isda sa isang gabi na katumbas ang dami sa huli ng mga mangangisda sa isang taon.

VI. Repaso ng mga Kaugnay ng Literatura

1.) IBON Fisheries Code (May 1997)

Ito ay tumatalakay sa mga batas ukol sa pangangisda. Isa na nga sa mga batas na ito ang House Bill 7366. Ang ilan sa mga pangunahing katangian ng batas na ito ay ang *limited access* at re-depinisyon sa kahulugan ng *municipal fishing*, ang paglipat ng pagmaymay-ari ng Fishpond Lease Agreement (FLA) at ang partisipasyon ng mga mangangisda sa pag-unlad ng industriya.

2.) IBON Facts and Figures Vol. 19, No.12, (30 June 1996)

Nakasaad sa babasahing ito ang kumpletong diskripsyon ng *Philippine Territorial Waters*. Kasama rin dito ang mga iba't ibang klase ng isda sa ating bansa na mayroong 2,400 klase. Tinataya dito na mayroon tayong lmilyong mangingingisda. 68% ang *municipal fishing*, 6% naman ang *commercial fishing*, at 26% naman ang *aquaculture*. Ipinakita din dito ang *global competitiveness* ng ating *Fish Sector*. Tinitingnan ng babasahing ito ang ating industriya sa isda, ang produksyon nito bawat taon mula 1992-1995. Pangunahing layunin ng babasahing ito ang ipakita sa mambabasa ang kahirapan na dinaranas ng mga mangingingisda sa ilalim ng burukrata kapitalistang gobyerno. Kasama din dito ang mga hakbanging ginagawa nila para makaalpas sa mga tali ng pang-aabuso ng globalisasyon.

3.) Freshwater Fisheries Management
Robin G. Templeton (1995)

Tinitingnan nito ang komersyal na eksploytasyon ng mga yamang likas tubig na may kinalaman sa iba't ibang metodolohiya ng paggawa nito. Nasasaklaw nito ang karamihan sa nagiging problema ng isang mangingisda na kanyang haharapin sa pangangisda. Ang mga epekto ng mga panira sa karagatan sa isang mamamalakaya ay makikita sa babasahing ito. Isinasalarawan nito ang kapaligiran ng mga isda at kung papaano ito nakakaapekto sa isang mangingisda. Nagbibigay din ito ng magagandang mga pamamaraan para ang isang nag-aalaga ng isda sa palaisdaan ay makakakuha ng maraming huli, tulad ng *draining or desilting of the lake*, at kasama din dito ang mga kagawian ng mga tao na nagdudulot ng mga prblemanag dito.

4.) Protection of the Aquatic Biodiversity David P. Philip et. al. (1995)

Ang pagpapaliwanag mula sa babasahing ito ay medyo global, pinagkukumpara nito ang iba't ibang *fish biodiversity* sa iba't ibang panig ng mundo.

Ipinakita dito ang pagkukumpara ng mga *consumption of resources* sa pagitan ng mga mayayamang bansa tulad ng U.S.A. at Canada at ng *mga developing countries*.

5.) Regional Peasant Situationer, Region IV (1999)

Nakasaad dito ang iba't ibang proyekto ng pamahalaan na nakapipinsala lamang sa ating mga yamang tubig. Isang halimbawa ng proyekto ng gobyerno na nakapinsala lamang ay ang proyektong gawing panturismo ang Lawa ng Laguna, na lalo lamang nagpadumi ng naturang lawa. Isinaad dito "*land use conversion program*" na nagsilbing magnanakaw ng mga batis, lawa at dagat na siyang pinangingisdaan ng mga maliliit na mangingisda.

6.) IBON Data Bank and Research, The Philippine Fisheries Central Peasant Desk, 1997.

Isinasaad ng babasahing ito ang mga problem sa sektor ng pangisdaan at isinaad din dito na ang polisiya ng liberalisasyon ng gobyerno ng

Pilipinas ay hindi nakakatulong sa mga maliliit na mangingisda. Sinasabi dito na inilalayo ng mga polisiyang ito ang mga mangingisda sa nag-iisang lugar na pinagkukunan nila ng kabuhayan. Sinasabi na unit-unting sinira ng mga *transnational corporations* ang mga pangisdaan ng kanilang malalaking planta na malapit sa anyong tubig, na kung saan ginagawa nilang tapunan ng kanilang mga *waste products*. Ipinakita ng malinaw ng sulating ito na ang mga programa ng gobyerno, tulad ng liberalisasyon ay pabor lamang sa mga mayayamang kapitalista.

7.) IBON Data Bank and Resource Center, The State of Philippine Environment Center Peasant Desk, 1997.

Isinalarawan ng librong ito ang kahalagahan ng mga likas na yaman ng Pilipinas sa lipunan at kung ano ang kasalakuyang kalagayan ng mga ito. Pinalagahan ng babasahing ito ang mungkahi na para masugpo ang mga panira sa kapaligiran ay kailangan na sugpuin ang mga ugat nito.

VII. Sakop at Limitasyon ng Pag-aaral

Ang aking gagawing pag-aaral ay nalilimitahan sa mga piling mangingisda ng Brgy. Hucay, Calatagan, Batangas. Hindi masasabi mula sa pag-aaral na ito ang kabubuang kalagayan ng mga mangingisda sa buong Pilipinas. Hindi rin masasama sa pag-aaral na gagawin ang lahat ng mga mangingisda sa buong barangay ngunit ang paraan ng pagpili ay maituturing na makabuluhan at may matatag na basehan. Ang tsansa ng bawat bahay na pupuntahan ay pare-pareho. Makakakuha ng sapat na representasyon mula sa bawat klase ng mangingisda (mayaman, gitna at mahirap) para kapanayamin, ngunit hindi ito sapat para sabihin na ang konklusyon mula sa pag-aaral ay tama sa lahat ng pagkakataon sa bawat mangingisda mula sa iba't ibang klase.

VIII. Kahalagahan ng Pag-aaral

Ang bansang Pilipinas bilang isang arkipelago ay napapalibutan ng samu't saring anyong tubig.

Ang inaasam-asam na kaunlaran ay makakamit kung matututo tayong gamitin ng wasto ang mga yamang likas, sa pagkakataong ito ang yamang tubig. Pero sa kasalukuyan ay maraming pumapasok sa ating bansa na mayayamang *transnational corporations* na silang umaabuso at umuubos ng ating likas na yaman, maging ito man ay yamang tao, tubig, o lupa. Sa ganitong takbo ay ang mga mahihirap na mga maninggisda ang sumasalo ng mga epekto sa lalong pagyaman ng mga kapitalistang ito. Sa ganitong pagkakataon ay mainam na pag-aralan ang isa sa mga sektor na pang-aabuso ang dinaranas sa kamay ng mga mayayaman. Para sa pag-iibayo ng kaalaman ng mga mangingisda tungkol sa kanilang ekonomikong kalagayan ang pag-aaral na ito. Makakatulong ito sa paraang imulat silang mga hindi pa nalalaman ang tunay na sanhi ng kanilang kahirapan.

KABANATA II

BATAYAN NG PAG-AARAL

ANG PAGSISIMULA NG CALABARZON

Sinasabi ng mga pagsusuri magmula pa noong 1985 hanggang 2001 na ang Timog Katagalugan ang rehiyon sa ating bansa na nangunguna sa produksyon pagdating sa pangingisda. Ang mga pangunahing produkto nito ay ang mga isdang Tulingan, Tambakol, Tunsoy, Dilis, Matang-baka, Tamban, Alimasag, Pusit, Galunggong at Gulyasan.¹ Kapansin-pansin sa mga datos na ito ang kayamanan ng Timog Katagalugan sa katubigan. Ang ganitong katayuan o kalagayan ng Timog Katagalugan ang nagpapatunay na ang rehiyong ito ang pumapangalawa sa National Capital Region (NCR) pagdating sa kaunlaran.

¹ The Philippine Fisheries: IBON Databank & Research Center

Fish Production, by Sector and Region, 2001 (in MT)

Region	Commercial	Municipal	Aquaculture	Total	%share to total
NCR	140,933	4,166	1,388	146,487	4.63
CAR	0	1,150	2,420	3,570	0.11
I	2,525	22,414	38,678	63,617	2.01
II	14,297	19,157	4,963	38,417	1.21
III	14,091	12,795	154,478	181,364	5.73
IV	128,408	241,882	249,568	619,858	19.58
V	32,585	87,478	30,451	150,514	4.75
VI	122,120	135,928	99,548	357,596	11.29
VII	61,361	44,737	85,434	191,531	6.05
VIII	36,196	42,270	12,879	91,318	2.88
IX	156,008	120,923	121,152	398,083	12.57
X	34,264	27,477	22,446	84,187	2.66
XI	11,355	27,927	9,898	49,180	1.55
XII	142,425	36,621	13,462	192,508	6.08
XIII	4,774	68,041	20,389	93,204	2.94
ARMM	75,224	76,570	353,302	505,096	15.95
TOTAL	976,539	969,535	1,220,456	3,166,530	100.00

Philippine Fisheries Profile.2001

Sa pagdagsa ng mga tao sa kanayunan ng Metro Manila, masyadong dumami ang populasyon nito (*urbanization*) na isa sa mga naging dahilan ng paghihirap ng mga tao dito. Isang epekto ng malaking populasyon ay ang kakulangan sa trabaho. Hindi mabigyan ng industriya ng Metro Manila (*light or heavy industry*) ang mga Pilipino dahil sa sobrang dami ng taong naghahanap ng trabaho. Gumagawa ang gobyerno ng mga hakbangin para

malunasan o mabawasan man lamang ang ganitong klase ng problema. Isa sa mga hakbanging ito ang proyekto CALABARZON. Ang pangunahing layunin ng proyektong ito ay ang sugpuin ang kahirapan sa ating bansa sa pamamagitan ng pagbibigay ng dagdag na trabaho para sa mga walang hanapbuhay, partikular na sa Cavite, Laguna, Batangas, Rizal at Quezon.

Noong 1989-1991 ay sinimulang balangkasin ng Japan International Cooperation Agency (JICA) ang proyektong pangkaunlaran, ang Proyekto CALABARZON, at pormal na inaprubahan ng rehimeng Aquino noong Pebrero 1992, at mas agresibong ipinatupad noong administrasyon ni Ramos.² Ang CALABARZON, ayon kay Presidente Ramos, ang unang hakbang tungo sa industriyalisasyon ng bansang Pilipinas. Ito ay inasahang gagawa ng humigit kumulang na 100,000 bagong mga trabaho para sa mga mamamayan ng Timog Katagalugan. Inumpisahan ang proyektong ito para makapang-akit ng mga

² CALABARZON: IBON Facts and Figures.

dayuhan na mamumuhunan sa Pilipinas. Nilayon ng proyekto CALABARZON na makapagpapasok ng may \$1 bilyong puhunan mula sa mga dayuhan bawat taon. Tatanggalin ang mga buwis na ipinapatong sa mga produkto ng mga dayuhan na pumapasok sa Pilipinas at malaya na rin silang magpasok ng kahit gaano karaming produkto. Ito ay ilan lamang sa mga pamamaraan ng pamahalaan ng Pilipinas para mas lalong dumami at lumaki ang "*foreign investments*" sa bansa. Palalawakin ng proyekto ang industriya ng Timog Katagalugan mula sa pagiging agrikultural. Dito nag-ugat ang malawakang pagpapalit gamit ng lupa sa Timog Katagalugan.

Sa labis na paglaki ng populasyon at sobrang puhunan sa NCR, kung kaya't kinailangan ng isang alternatibong lugar kung saan maililipat ang mga "spill over" na mula sa Metro Manila.

ANG BATANGAS AT ANG MGA MANGINGISDA

Ang Batangas ay isang bayan sa Rehiyong IV (Timog Katagalugan) na binayayaan ng maraming likas na yaman. Isa ang Batangas sa mga bayang nagbibigay ng kayamanan sa ating bansa tulad ng yamang likas pantao, yamang tubig at yamang lupa. Isa sa mga pangunahing hanapbuhay sa bayang ito ang pangingisda dahil ito ay napaliligiran ng iba't ibang anyong tubig. Ang pangunahing anyong tubig na pumapalibot sa lugar na ito ay ang Timog Silangang Tsina. Mayroon ding matatagpuang mga taniman sa lugar na ito at marami na ring mga lugar dito ang industriyalisado. Dahil sa lapit ng mga mamamayan ng Brgy. Hucay sa baybaying dagat kung kaya't pangingisda ang pangunahing hanapbuhay ng mga tao dito.

KASALUKUYANG KALAGAYAN NG MGA MANGINGISDA SA BRGY. HUCAY, CALATAGAN, BATANGAS

Kung pagmamasdan ang mga tao sa Brgy. Hucay, hindi kaagad mababakas sa kanilang mga mukha at kilos ang kahirapang kasalukuyan nilang dinadanas. Sila pa rin ay nanatiling masiyahin at palabiro na likas na sa mga Pilipino. Tulad halimbawa sa mga pagdiriwang na kanilang ginagawa sa tuwing may kasal at kaarawan. Nagagawa nilang maghanda ng malakihan at magsaya na parang walang kinakaharap na problemang pangkabuyahan. Ngunit sa katapusan ng mga kasiyahang ito at sa pagsisimula ng panibagong araw, hirap at pagod ang kanilang sinasagupa sa pangisdaan.

Hindi maiaalis sa kanila ang magkumpara ng mga dati nilang huli sa kasalukuyan. Napakaunti at hindi nakasasapat ang kanilang kasalukuyang mga huli, ito ay kanilang mga patunay sa ilang taon nilang pangingisda, magmula pa noong sila ay mga bata pa. Ang mga mangingisda sa ngayon ay

maari nang kaawaan at paglimusan, ito ang sabi ng isang mangingisda mula sa kanilang hanay. Ito ay dahil sa sobrang kahirapan. Ang kanilang mga huli ay pang-ulam na lamang kung iyong susuriin. Maraming mga kadahilanan ang kanilang binabanggit hinggil sa mga suliraning ito. Isa na dito ang sobrang panggigipit at hindi pagkilala ng kanilang mga karapatan bilang mga mangingisda, ng gobyerno. Pangalawa ay ang patuloy na paglalason at polusyon sa kanilang mga katubigan na sanhi ng walang pakundangang pagtatapon ng mga *waste products* ng mga pabrikang malapit sa kanilang lugar. Ang kanilang mga pangisdaan ay isinasapribado para gawing mga *beach resort*. Labis na panggigipit at pang-aabuso ang kanilang naranasan mula sa mga bagong may-ari ng dati nilang pangisdaan. Ang pangangamkam ng mga Panginoong-May-Lupa ang itinuturing nilang pangunahing sanhi ng kanilang kahirapan. Inirereklamo din nila bilang isa pang kadahilanan ng pag-unti ng kanilang mga huli ay ang mga batas na ipinapatupad ng pamahalaan na siyang

nagbibigay pahintulot sa mga malalaking dayuhang mangingisda na manghuli ng isda malapit sa baybaying dagat.

MAIKLING KASAYSAYAN NG MGA MANGINGISDA SA BRGY. HUCAY, CALATAGAN, BATANGAS

Ang barangay Hukay ay isa sa mga lugar na pinipilit kamkamin ng mga PML dahil sa magandang lokasyon nito. Ang planong gawin itong pang-ekoturismo ang nagpasimula para paalisin ang mga munting magsasaka at mangingisda dito. Isa sa mga nangamkam, nagpaalis at binakuran ang lupa ay si Doña Rossana Sy. Nagsimulang ipagiba ang mga kabahayan noong 1982. Matapos bungkalin at pagyamanin ng mga magsasaka ang lupa ay bigla na lang itong kinuha sa kanila. 11 pamilya ang nawalan kaagad ng titirhan kasama na rin ang pagkawala ng kabuhayan dahil kasamang kinuha ang mga lupang kanilang sinasaka o kaya naman ay nailayo sila sa dagat na kanilang

pinangingisdaan. Ang naturang lugar ay gagawing mga *tourist spots*. Ang pagpapalit gamit ng lupa ay nangangahulugan dito ng mawawalan ng lupa ang mga mahihirap na Pilipino upang magkaroon ng lugar panlibangan ang mga dayuhan. Si Don Raul Yulo ay isa pa sa FML na may malaking lupa sa barangay Hukay. Ang malawak na lupang ito ay hindi na produktibo dahil ito'y hinayaan na lamang matapos paalisin ang mga tao dito.

Paunti na ng paunti ang mga huling isda ng mga maliliit na mangingisda sa Brgy. Hukay. Ayon sa mga mangingisda, ito ay sanhi ng pag-aapruba ng gobyerno ng Fisheries Code of 1998 na kung saan malaya nang makapangingisda ang mga malalaking bangkang pangisda ng mga dayuhan sa mga karagatan ng Pilipinas. Ang mga isda ay madaling maubos sa tone-toneladang huli ng mga malalaking bangkang ito gabi-gabi. Ang mga batas para sa proteksyon ng lokal na mangingisda ay nawala at pinangibabawan ng Fisheries Code of 1998. Kasama rin sa problema dito sa pangisdaan

ang mga lokal na mga mayayaman na nagmamay-ari ng malalaking bangka na kung tawagin ay pukot. Wala rin itong pakundangan sa pag-aabuso sa dagat. Gumagamit ang mga pukutang ito ng mga pamamaraan na nakasisira ng likas na yamang tubig. Ang kanilang malalaking lambat panghuli ay umaabot hanggang ilalim at sinasadsad sa mga "coral reefs" habang hinihila ito.³

PASASALARAWAN NG HEYOGRAPIYA NG BRGY. HUCAY

Ang Brgy. Hucay ay napapalibutan na ng mga malalaking lupain na pagmamay-ari ng mga kilalang PML tulad ng Balluarte Estates at rantso ni Zobel na may 12,000 ektarya ang laki. Nakamkam na rin ng mga Yulo, Enrile at iba pang malalaking pangalan ang iba pang mga lupain dito. Ang mga baka sa rantso ni Zobel ay pinaglalaanan ng isang ektarya bawat baka samantalang ang ilang mga

³ CALABARZON: Pagpatay sa Repormang Agraryo

pamilya sa Brgy. Hucay ay sa tubig na itinayo ang mga bahay dahil sa wala silang sariling lupa. Ang kalapit na lupain ay pag-aari naman ng mga Elizalde. Ganito katindi ang pangangamkam ng lupa sa Brgy. Hucay. Mula sa mga ganitong kadahilanan kaya malakas ang pagtutol ng mga tao dito, sa mga proyekto ng gobyerno. Sa kanilang mga palagay ay hindi sila kayang paunlarin sa ngalan ng Proyekto CALABARZON.

ANG PAKIKIPAGLABAN NG MGA MANGINGISDA (HABAGAT)

Nakapagbigay ng kompletong pagsasalarawan ng kalagayan ng mga mangingisda sa Brgy. Hucay ang mga mangingisdang nakapanayam. Para sa kanila, ang CALABARZON ay isa na namang kabiguan. Ang kanilang mataas na kaalaman tungkol sa lipunan ang nakatulong upang mabigyang pansin ang mga isyu sa kanilang lugar para sa pag-aaral na ginawa. Ang kahirapang idinulot ng pagbagsak ng presyo ng kanilang mga huling isda ang mas lalong nakapagpaalab ng kanilang damdamin laban sa gobyerno. Sila'y inaabuso hanggang sa pati pagkain nila ay hindi na nila mabili. Ang mga pagpapahirap ding ito ang nagbigay daan upang sila'y magsama-sama at labanan ang mga PML. Ang galit ng mga inabuso ay nanatili hanggang sila ay magbuo ng isang organisasyong magtatanggol ng kanilang mga karapatan. Dito sumibol ang HABAGAT (Haligi ng mga Batangueñong Anak ng Dagat) na hanggang ngayon ay patuloy na isinisigaw ang karapatan ng mga maliliit na magsasaka at

mangingisda. Ngayon ang HABAGAT ay isa nang malaking organisayon. Nagawa pa nitong gawing alyado ang isa sa mga PML na kanilang kinalaban dati. Ang PML na si Moreno ay nag-donate ng isang sasakyang trak (elf) sa HABAGAT na gamit nila ngayon para sa pag-oorganisa ng mga tao upang sama-samang labanan ang mga naghaharing uri.

KABANATA III

PRESENTASYON AT PAG-AANALISA NG MGA DATOS

“SAMPLE POPULATION”

Ang buong populasyon ng mangingisda sa Brgy. Hucay ay tinatayang 40 mangingisda. Magkasama na dito ang mga kalalakihan at kababaihan. Kumuha ang nagsusuri ng 20 mangingisda na siyang magiging *“sample population”* sa pamamagitan ng *“random sampling”*. Ang paraan na ginawa ng nagsusuri sa pagpili ng kakapanayamin ay ang pagpunta sa mga kabahayan ng Brgy. Hucay ng walang anumang *“pattern”*, ito ay kung saan lamang siya makakita ng bahay na may nakatirang mangingisda at matagal ng nangingisda sa Brgy. Hucay. Ang 20 *sample population* ay kalahati ng buong populasyon para maging *“valid”* at *“academic”* ang gagawing pag-aaral. Sa ganitong paraan ay magkakaroon ng maayos at kumpletong representasyon ng mga mangingisda mula sa iba’t

ibang sektor, tulad ng mga sektor ng kababaihan,
kabataan atbp.

PAGSASALARAWAN AYON SA EDAD

Edad	Bilang	% sa sample population
21-25	2	10
26-30	0	0
31-35	6	30
36-40	3	15
41-45	3	15
46-50	2	10
51-55	3	15
56-60	1	5
Total	20	100

PAGSASALARAWAN AYON SA HANAY NG MANGINGISDA

Hanay ng Mangingisda	Bilang	% sa sample population
Maliit na Mangingisda	6	30
Gitnang Mangingisda	14	70
Mayamang Mangingisda	0	0
Total	20	100

Maliit na Mangingisda

- di-layag na bangka
- walang bangka
- ang bangka ay di-motor pero hindi kanya
- sagwanan ang bangka
- bakal na korteng kawil lamang ang gamit

Gitnang Mangingisda

- ang bangka ay sarili at di-motor (istraton)
- may sariling sagwanang bangka at di-layag

Mayamang Mangingisda

- ang bangka ay malaki tulad ng payaw
- may binabayaranang mga tauhan (kasama)

PAGSASALARAWAN AYON SA TAON NG PANGINGISDA

Ilang Taon ng Nangingisda	Bilang	% sa sample population
<14	4	20
15-25	11	55
26-35	4	20
36-45	1	5
Total	20	100

PAGSASALARAWAN AYON SA KASARIAN

Kasarian	Bilang	% sa sample population
Babae	4	20
Lalake	16	80
Total	20	100

Ang Instrumentong ginamit sa pagkalap ng mga datos mula sa *Sample Population*

Ang nagsusuri ay gumamit ng mga *questionnaire* bilang paraan ng pagkalap ng mga kasagutan mula sa mga mangingisdang napiling *sample population*. Ang ilan sa mga katanungan ay maaring sagutin ng oo o hindi lamang at ang iba naman ay maaring sagutin batay sa opinyon ukol sa katanungan. May mga katanungan na kung saan humingi ang nagsusuri ng mga palagay ng mga mangingisda na sanhi o dahilan sa kanilang mga naunang mga kasagutan.

"Hypothesis Testing"

Gagamit ang nagsusuri ng "*chi square*" sa pag-aanalisa ng mga datos. Naaayon na *statistical test* ang *chi square* sa pag-aaral. Ang *test* na ito ay para sa pag-aaral na gumamit ng *random sampling* sa pagkuha ng *sample population* kung saan ang bawat *sample* ay maari lamang mapunta sa isang hanay o kategorya. Ang mga pag-aaralang mga katanungan ay oo at hindi lamang ang mga kasagutan kung kaya't dito lamang sa dalawang kategoryang ito mapupunta ang bawat isang *sample*. Malalaman mula sa paraang na ito kung mayroon bang makabuluhang pagkakaiba (*significant difference*) sa pagitan ng mga naobserbahang pangyayari at ng mga inaasahang pangyayari. Gagamitin ang *one-tailed test* na *chi square* at dahil *one-tailed* ay 0.01 ang α (*level of significance*) ang gagamitin sa lahat ng *test*.

Ang *formula* na gagamitin ay:

$$\chi^2 = \frac{\sum (O - E)^2}{E}$$

Na kung saan ang **E** ay ang *expected frequency* at ang **O** naman ay ang *observed frequency*.

Malalaman ng sumusuri sa pamamagitan ng *chi square* kung tatanggapin o hindi ang H_0 (Null Hypothesis). Ang *degrees of freedom* {df = (R-1)(C-1)} sa lahat ng test ay isa (1), dahil ang bilang ng rows at columns sa lahat ng *tables* ay dadalawa lamang. Ang *critical value* na 2.706 ay kinuha sa *values ng chi square for selected probabilities*. Sa df=1 at $\alpha=0.01$ makukuha ang halagang 2.706. Kung ang magiging sagot sa *chi square computation* ay pareho o mas mataas sa 2.706, hindi natin tatanggapin ang H_0 . Kung mas mababa naman ang naging sagot sa 2.706 ay ay di maitatakwil ang H_0 .

**Pagsusuri hinggil sa dami ng huling isda ngayon.
(Pagkatapos ipatupad ang Proyekto CALARZON)**

Huling Isda Ngayon	Sagot ng Mangingisda	
	Marami	Maunti
Maliit na Mangingisda	1	5
Gitnang Mangingisda	1	13

Ho: Walang mahalagang pagkakaiba sa mga huling isda noon at ngayon sa kahit saang hanay ng mangingisda.

Hi: May makabuluhang pagkakaiba sa huling isda noon at ngayon na nararanasan ng mga maliit at gitnang mangingisda.

Sagot	Observe (O)	Expected (E)	O - E	(O - E) ²	(O - E) ² E	c.v.
Maliit ng Mangingisda						
Marami/Sapat lang	1	0.6	0.4	0.16	2.66	
Maunti	5	5.4	-0.4	0.16	0.3	
Gitnang Mangingisda						
Marami/Sapat lang	1	1.4	-0.4	0.16	1.14	
Maunti	13	12.6	0.4	0.16	1.3	
Total	20	20	0	0.64	5.4	2.706

Nakita mula sa *chi square test* mas mataas ang naging resulta (5.4) kaysa sa *critical value* na 2.706. Ang magiging desisyon sa pag-aaral ay ang hindi tanggapin ang H_0 .

Ang mga mangingisda sa Brgy. Hucay, maging sila man ay gitna o maliit na uri ay may nakita o napansing makabuluhang pagkakaiba mula sa huli noon kumpara sa huli ngayon. Mas maunti ang kanilang mga huli matapos ang Proyekto CALABARZON.

Pagsusuri sa Pagkakaroon ng Epekto ng Polusyon sa Dami ng Huling Isda.

Huling Isda Ngayon	Sagot ng Mangingisda	
	Pareho lang/ Di Nakakaapekto	Mas maunti May Epekto
Maliit na Mangingisda	1	5
Gitnang Mangingisda	1	13

Ho: Walang makabuluhang kaugnayan ang polusyon sa dagat sa huli ng mga mangingisda sa Brgy. Hucay.

Hi: May makabuluhang epekto ang polusyon sa dagat na siyang nagpapaunti sa dami ng huling isda ng mga mangingisda sa hanay ng mga maliit at gitnang uri ng mangingisda.

Sagot	Observe (O)	Expected (E)	O - E	(O - E) ²	(O - E) ² E	c.v.
Maliit ng Mangingisda						
Pareho lang/Di nakakaapekto	1	0.6	0.4	0.16	2.66	
May epekto/Mas Maunti	5	5.4	-0.4	0.16	0.3	
Gitnang Mangingisda						
Pareho lang/Di nakakaapekto	1	1.4	-0.4	0.16	1.14	
May epekto/Mas Maunti	13	12.6	0.4	0.16	1.3	
Total	20	20	0	0.64	5.4	2.706

Mula sa ginawang pagsusulit ay napag-alamang mas mamalaki ang naging sagot na (5.4) sa *chi square test* kaysa sa *critical value* na 2.706. Masasabi na hindi nating tatanggapin ang H_0 at ang tatanggapin ay ang H_i .

Nakita mula sa *chi square* na mayroong makabuluhang epekto ang polusyong itinatambak sa dagat sa mga gitna at maliliit na mangingisda. Ang kanilang napapansing epekto ng polusyon ay ang pag-unti ng mga huli nilang isda.

Pagsusuri sa mga kinikita ng mga mangingisda sa kanilang mga huling isda. Nakasasapat ba ito o hindi.

Kinikita sa Pangingisda	Sagot ng Mangingisda	
	Nakasasapat/ Sakto lang	Di nakasasapat/ Kulang na kulang
Maliit na Mangingisda	1	5
Gitnang Mangingisda	1	13

Ho: Walang makabulahang batayan sa paglalapat ng kongklusyon na mas lumala ang kalagayan ng mga mangingisda kung titingnan ang dami ng kanilang huli at sa kinikita nila mula dito sa kasalukuyan, na kung saan naipatupad na ang CALABARZON.

Hi: May makabuluhang batayan na sabihing mas lalong naghirap ang mga mangingisda kung titingnan ang dami ng kanilang huli at sa kinikita nila mula dito, dahil sa pagiging kulang nito o hindi sapat para sa kanilang pang araw-araw na pangangailangan.

Sagot	Observe (O)	Expected (E)	O - E	(O - E) ²	(O - E) ² E	c.v.
Maliit ng Mangingisda	1	0.6	0.4	0.16	2.66	
Nakasasapat/Sakto lang	5	5.4	-0.4	0.16	0.3	
Di nakasasapat/Kulang na kulang						
Gitnang Mangingisda	1	1.4	-0.4	0.16	1.14	
Nakasasapat/Sakto lang	13	12.6	0.4	0.16	1.3	
Di nakasasapat/Kulang na kulang						
Total	20	20	0	0.64	5.4	2.706

Mula sa ginawang pagsusulit ay napag-alamang mas mamalaki ang naging sagot sa *chi square test* kaysa sa *critical value* na 2.706. Masasabi na hindi nating tatanggapin ang H_0 at ang tatanggapin ay ang H_1 .

Ayon sa resulta ng *hypothesis testing*, maaring sabihin ng nagsusuri na mas lalong sumama ang kasalukuyang kabuhayan ng mga mangingisda sa Brgy. Hucay kung pagbabatayan ang dami ng huling isda at kinikita mula dito.

Pagsusuri sa mga alternatibong pamamaraan ng mga mangingisda, na pangsapat sa kulang nilang kita sa pangangisda

Alternatibong Pamamaraan	Bilang	% sa sample pop'n
Nagtatanim	4	20
Nagtri-tricycle	2	10
Nagkakaingin	2	10
Nangungutang	1	5
Nag-aalaga ng hayop	2	10
Nagtitinda sa palengke	1	5
Wala/Nagtititiis na lang	8	40
Total	20	100

Makikita mula sa mga kasagutan ng mga mangingisda hinggil sa mga alternatibo nilang mga pamamaraan para sa pampuno sa kakulangan ng kanilang kita sa pangangisda, na sila ay salat pa rin. Marami pa rin ang walang alam na ibang mga pamamaraan dala na rin nang pagkamulat sa iisang klase lamang ng kabuhayang, ang pangangisda.

Pagsusuri sa mga Hakbanging Ginagawa ng Gobyerno sa pagpapabuti ng kalagayan ng mga Mangingisda sa Brgy. Hucay.

Hanay ng Mangingisda	Hakbang na ginagawa ng Gobyerno para mapabuti ang kalagayan ng mag mangingisda	
	Mayroon	Wala
Maliit na Mangingisda	0	6
Gitnang Mangingisda	0	14

Makikita mula sa mga naging kasagutan ng mga mangingisda na wala ni isa man sa kanila na nagpatunay ng mayroong ginawa ang gobyerno ng Pilipinas para paunlarin o pabutihin ang kalagayan ng mga mangingisda. Kung babalikan ang kasaysayan ng CALABARZON at ang mga layunin nito, pangunahin sa mga naging layunin nito ang paunlarin ang mga kabuhayan ng mga tao at kasama na rito ang mga mamamayan ng Brgy. Hucay. Ngunit walang nangyaring pag-unlad sa mga mamamayang mangingisda ng Brgy. Hucay. Ayon sa mga maliliit at gitnang mangingisda na kahit minsan ay hindi

silang nakaranas ng kahit ano mang ginhawa na gawa
o mula sa tulong ng pamahalaan.

**Pagsusuri sa mga karanasan ng mga mangingisda na kung
saan inagaw sa kanila ang mga pangisdaan.**

Hanay ng Mangingisda	Karanasan ng Pang-aagaw ng mga Pangisdaan	
	Mayroon	Wala
Maliit na Mangingisda	6	0
Gitnang Mangingisda	14	0

Sinasabi mula sa mga kasagutan ng mga kinapanayam na mangingisda na lahat sila ay nakaranas ng pang-aagaw mula sa kanila ng dati nilang pinangingisdaa. Ilan sa kanila ang may lakas loob na nagpatunay na may nagaganap na pang-aabuso o *harrasment* ng mga mangingisdang nagpupumilit maibalik sa kanila ang karapatang makapangisda sa karagatan ng Pilipinas.

Pagsusuri sa mga komento ng mga mangingisda ukol sa pamamalakad ng gobyerno sa pagitan ng mayaman at mahirap.

Hanay ng Mangingisda	Pamamalakad ng Gobyerno sa pagitan ng mayaman at mahirap	
	Pantay	Hindi Pantay
Maliit na Mangingisda	0	6
Gitnang Mangingisda	0	14

Lahat ng mga mangingisdang kinapanayam sa Brgy. Hucay ay nagsasabing hindi pantay ang pamamalakad ng gobyerno sa pagitan ng mga mayayaman at ng tulad nilang mahihirap. Ang kanilang mga komento ay mas pinapaboran ng gobyerno ang kagustuhan at kailangan ng mga mayayaman at nagiging bingi naman sa mga kahilingan ng mga mahihirap. Ang mga halimbawa na kanilang ibinigay ay tulad ng mga batas o kautusan na ginagawa ng gobyerno. Para sa mga mangingisda ang lahat ng ito'y para sa kapakanan ng mga mayayaman.

KABANATA IV

KONKLUSYON AT REKOMENDASYON

SA PAGDATING NG CALABARZON

Ang Batangas ay isa sa mga probinsya sa Timog Katagalugan na dumanas ng kahirapan at hindi kaunlaran makalipas ang pagsasakatuparan ng proyektong CALABARZON. Humarap sa mga problema ang mga tao na lalo lamang nagpalubha ng kanilang mga kalagayan. Ang mga tao na rin sa Calatagan, Batangas ang nagsasabi na sila'y maunlad na, bago pa man dumating ang mga proyektong pangkaularan ng gobyerno. Sila'y maunlad pagdating sa kanilang kabuhayan at kalusugan. Maraming tao ang nalinlang sa pagdating ng proyekto ng gobyerno na may mungkahing mas paunlarin pa ang kanilang kabuhayan. Ang layon ng gobyerno na paunlarin ang tao ay panglabas lamang. Ang katunayan sa mga hakbangin ng gobyerno ay para paunlarin at pagyamanin ang kanilang mga sarili. Nagkaroon ng sabwatan ang gobyerno at mga dayuhan

sa layuning kamkamin lahat ng kayamanang pangkabuhatan ng mga tao tulad ng mga magsasaka at mangingisda. Ang mga hakbangin ng gobyerno ay nakatago sa mga magaganda at mababangong pangako ngunit ang tunay nilang pakay ay mangamkam at pahirapan ang mga tao. Hindi na bago ang mga batas na gawa ng gobyerno para proteksyonan ang interes ng mga tulad nilang naghaharing uri maging lokal man ito o dayuhan. Isang halimbawa nito ang Fisheries Law of 1998 na di lamang bibigyan ng legal na paraan ang mga malalaking dayuhang mangingisda sa pagpasok sa ating mga munisipal na pangisdaan, binigyan pa sila ng mas madaling paraan para gawing monopolyo pati pangisdaan. Ang batas na nito ay punong-puno ng mga butas at kung iyong susuriing mabuti ay isang lantarang pamimigay ng ating mga kayaman sa tubig sa mga dayuhan (marine fish, aquaculture atbp.). Ang "*Philippine municipal waters*" (15 km mula sa baybayin) ay maari ng pasukin at pangisdaan ng mga malalaking bangkang pangisda ng mga dayuhan basta't ito ay may 7 fathoms mahigit ang lalim.

Ang proteksyon ng mga maliliit na mangingisda sa dagat laban sa mga malalaki at mabibigat na mga bangka (150 tonelada) ay nawala ng tuluyan. Pagkakaitan ng batas na ito ang mga lokal na mangingisda ng masaganang huli dahil sa mga kakompetensya na tone-tonelada ng isda kung humuli. Pinatindi din ng batas na ito ang monopolyo sa lupa at baybaying katubigan sa pamamagitan ng pagbibigay sa mga kasalukuyang fishpond operator (PML) ng karapatang ariin ito sa loob ng 50 taon. Itong mga ganitong klase ng batas ang matigas na tinututulan ng mga mangingisda sa Calatagan, Batangas.⁴

Ang Fisheries & Aquatic Resource Management Council o FARMC ay isa na naman sa maraming mapanlinlang na proyekto ng pamahalaan.⁵ Nilalayon nitong magtulungan ang mga malalaki at maliit na mangingisda para sa pangangalaga ng karagatan. Hindi mababantayan ng mga malalaking kapitalistang mangingisda ang mga umaabuso sa

⁴ Primer na inilathala ng PIGLAS-Quezon

⁵ *Ibid.*

karagatan dahil sila din naman ang gumagawa nito. Kasabwat nila ang gobyerno sa pangangamkam ng kayamanang iningatan ng mga maliliit na mangingisda sa matagal ng panahon. Ang totoong layunin nito ay abusihin at sikilin ang karapatan ng mga mangingisda na malayang makapangisda. Ang pagkakaisang unti-unting nabuo mula sa kahirapang pare-parehong dinadanas ng mga mangingisda sa Calatagan ay ang naglatag ng mga pagkilos ng mga tao dito sa pagtatangol ng kanilang mga karapatan.

EPEKTO SA KALIKASAN

Sa pagpupumilit na gawing industriyalisado ang Rehiyon IV sa pamamagitan ng pagtatayo ng mga pabrika ay nagbunga ng pagkalason, partikular na sa mga katubigan sa paligid ng Brgy. Hucay. Dahil sa pagtitipid ng mga pabrikang ito, hindi na sila gumagamit ng mga "devices" upang magkaroon ng *proper disposal* ang kanilang mga kemikal na basura. Hinahayaan na lamang nila na umagos sa mga lawa, ilog, dagat at iba pang anyong tubig ang kanilang mga *waste products*. Malaking epekto nito ay sa mga maliliit na mangingisda na umaasa lamang sa mga huli. Ang kanilang dating mga huling 7 kilos sa 5 oras ng pangangisda ay bumaba sa 3-4 kilos na lamang sa loob ng 8-10 oras ng pangangisda. Ang kanilang kita sa ganitong dami ng huli ay kulang na kulang para suportahan ang kanilang pamilya. Dahil sa sobrang polusyon ay nangamatay ang maraming isda at ang mga pangitlogan ay nasisira na rin.

Rekomendasyon

Sa mahigit na sampung taon ng pamamayani ng Proyekto ng CALABARZON ay marapat nang alamin kung ang pangako nitong kaunlaran ay nadama ba ng mga mamamayan na naninirahan dito. Ang pag-alam ng tunay na naging epekto ng proyekto ito ay hindi kailangang nakatali sa mga datos na nagpapakita ng mga nagawa o naisakatuparan nito kada taon. Ang pakikisalamuha sa mga taong naapektuhan, tulad ng mga mangingisda ng Brgy. Hucay, ang pinakamainam na paraan upang malaman ang kanilang tunay na kalagayan sa kasalukuyan. Malaking bagay sa isang nagsusuri ang maranasan ang tunay na kalagayan ng kanyang mga pinag-aaralang sektor ng para maipahayag niya ng mabuti ang mga karamdagan nilang mga naghihirap. Magandang kapanayamin ang mga taong napakibagayan na ng nagsusuri at pinagkakatiwalaan ng mga taong at pawang mga magkakakibigan na ang kanilang turingan.

Ang mga nangyayari sa kapaligiran ay hindi lahat nalalaman ng lahat ng tao, mainam ang pag-aralan ang mga taong tulad ng mga mangingisda ng Brgy. Hucay na may layuning isiwalat ang tunay na nangyayari sa mga taong tulad nila. Dapat ay magkaroon pa ng iba mga pag-aaral upang pag-ibayuhin ang mga pagsasalarawan ng mga kalagayan ng mga tao sa kanayunan. Mas pagtuunan dapat ng pansin ang mga problemang kinakaharap at ang mga sanhi nito. Mas mainam na dumako hanggang sa pinakamaliliit na detalye upang maipaliwanag at mabigyang katarungan ang mga pakikipaglaban ng mga mahihirap na mangingisda para sa kanilang mga karapatan.

Hindi dapat maging sarado ang nagsusuri sa mga iba pang mga pananaw at manatiling bukas sa mga pagbabago ng mga nakasanayan nang paniniwala sa buhay upang tunay na makita ang tunggalian na nangyayari sa pagitan ng mga naghaharing uri at uring naapi.

Bibliograpiya

Primer, PIGLAS - QUEZON, 1997.

CALABARZON, Pagpatay sa Repormang Agraryo.
KASAMA-TK, 1999.

CALABARZON, IBON Facts and Figures, 15 Sept.
1992.

THE PHILIPPINE FISHERIES, IBON Databank and
Research Center, Peasant Desk, 1997.

THE FISHERIES CODE, IBON Special Release, May
1997.

THE PHILIPPINE FISHERIES PROFILE, 2001

Isa pong magandang pagbati. Ako po si Fercival B. Sabino, isa po akong estudyante sa Unibersidad ng Pilipinas sa Maynila. Ako ay gumagawa ng isang pag-aaral para po sa aking kursong Development Studies tungkol sa mga mangingisda ng Calatagan, Batangas at humihingi po ako ng konting tulong. Kung maari lang po ninyo sanang sagutan ang aking mga hinandang katanungan sa baba. Marami pong salamat.

Pangalan: Rodolfo Samonte Edad: 33 Kasalukuyanang trabaho: mangingisda
Tirahan: Bay. Hukay Calatagan, Batangas

1. Ilang taon na po silang nangingisda? 15
2. Mayroon na po ba silang pamilya? Kung mayroon ilan ang kanilang anak? 3 anak
3. Ano pong klase ng pangingsda ang kanilang ginagamit? (Kawil, Pasigabong, Payaw etc.) Kawil, lambat
4. Kanila po ba ang sasakyang ginagamit pangingsda? Di motor po ba ito? de layag
5. Kung ating aalalahanin, kailan po ang mas maraming huli noon o ngayon? Ano po kaya ang dahilan nito? Noon ang mas maraming huli
6. Sa kanilang kaalaman, ano pa po kayang ibang dahilan ng pag-unti ng kanilang huli?
Pagdami ng tao, ilegal fishing no.1 Barilang Pangulung
7. Sa palagay ninyo po ba ay nakakaapekto ang mga dumi at polusyon sa dagat sa dami ng inyong huli? Bakit po kaya ganoon?
Oo, maraming mayayamang nagbibubuga ng dumi - Nat'l Power Corp
8. Nakakasapat po ba ang kanilang mga huli o kita sa pang-araw-araw na pangangailangan? minsan hindi
9. Kung hindi po ito nakakasapat, saan po sila kumukuha ng pangsapat sa mga pangangailangang ito? Nagtatawan
10. Alam po ba nila ang Proyekto CALABARZON, na isang proyekto ng gobyerno na nais paunlarin ang ating mga kabuhayan? Oo
11. Kung oo, umunlad po ba ang kanilang kabuhayan? Sa papaanong paraan?
Hindi umunlad ang Batangas, Maraming mahihirap na Pilipino.
12. Sa palagay ninyo po ba ay natutulungan tayo ng ating gobyerno para maiahon sa kahirapan ang mga tulad nating mahihirap? Bakit?
Hindi, baglar ay nilulubag pa ang mga mahihirap
13. Nakakaramdam po ba tayo ng hindi pantay na pamamalakad ng pamahalaan sa pagitan ng mga mayayaman at ng mahihirap? Sa papaano pong paraan?
Oo, kapag may proyekto ang mayaman at tapos ay tutulan ito ng mahihirap mas gaganapin ng gobyerno ang mayayaman
14. Mayroon pa ba silang karanasan ng pag-agaw mula sa kanila ng kanilang pinangingsadaan? Magbigay po sila ng maikling kwento tungkol ditto.
Ayos silang pagdumung sa pandokan, Don Tim leang tapos ay kay Rosana sy. Panumatok ng Shotgun

Isa pong magandang pagbati. Ako po si Fercival B. Sabino, isa po akong estudyante sa Unibersidad ng Pilipinas sa Maynila. Ako ay gumagawa ng isang pag-naral para po sa aking kursong Development Studies tungkol sa mga mangangisda ng Calatagan, Batangas at humihingi po ako ng konting tulong. Kung maari lang po ninyo sanang sagutan ang aking mga hinandang katanungan sa baba. Marami pong salamat.

Pangalan: Maria Pangniban Edad: 31 Kasalukuyang trabaho: mangangisda
Tirahan: Brgy. Hukay, Calatagan, Batangas

1. Ilang taon na po silang nangangisda? 15 taon
2. Mayroon na po ba silang pamilya? Kung mayroon ilan ang kanilang anak? Apit angan
3. Ano pong klase ng pangangisda ang kanilang ginagamit? (Kawil, Pasigabong, Payaw etc.) Kawil
